# MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA

AMAZING FACTS

## Ang Mapaghimagsik na Prinsipe

2 Samuel 13:1-18, 33

## Ang Kasaysayan...

Si Absalom ang pinakamakisig, pinakatuso, at ambisyoso sa mga anak ni David. Sinasabi ng Biblia, Sa buong Israel nga'y walang gaya ni Absalom na pinupuri dahil sa kagandahan: mula sa talampakan ng kanyang paa hanggang sa tuktok ng kanyang ulo, ay walang ipipintas sa kanya." 2 Samuel 14:25.

Ngunit ang kabataang prinsipe ay nais pa ang higit kaysa paghanga at papuri ng mga tao sa kanyang kabighabighaning kakisigan. Nais niya ang kapangyarihan ng trono ng kanyang amang hari. Nais niya ang maging hari ng lsrael—sa anumang halaga. Una, pinatay niya ang kanyang nakatatandang kapatid na si Amnon pagkatapos na pahirapan nito ang kanyang kapatid na babae na si Tamar. Si Amnon ang panganay ni David at siya ang unang tagapagmana ng kaharian. Nang muling manumbalik ang pagtitiwala sa kanya ng kanyang amang si David, si Absalom ay nagsimulang maghasik ng mapaglalang na binhi ng pagaalinlangan sa buong kaharian ukol sa pangunguna, paghatol at mga batas ni David, hanggang "maganyak niya ang kalooban ng mga tao ng Israel." 2 Samuel 15:6.



Sa wakas, ang kanyang malagim na balak ay sumabog na isang malawakang paghihimagsik nang sinikap ni Absalom na patayin ang kanyang sariling ama at angkinin ang kaharian. Si David at ang kanyang mga tagasunod ay napilitang lumikas mula sa Jerusalem. Ngunit pagkaraan nang ilang araw ng maigting na labanan, si David ay muling nakabalik sa kanyang trono, at ang makisig na Prinsipe Absalom ay pinatay.

Isang malungkot ngang kasaysayan, ngunit hindi ito ang unang alitan ng maharlikang angkan. Sa ibang dakilang kaharian, malaon nang panahon ang lumipas, ang mga gayon ding pangyayari ang naging sanhi ng nakapanlulumong paghihimagsik ng buong panahon.

Ang kaharian ay tinatawag na—langit!

# Ang Pag-aaral…

*Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.*

## 1. Ano ang pangalan ng mapaghimagsik na prinsipe sa langit, at bakit siya naghimagsik?

**Isaias 14:12** *Ano't nahulog mula sa langit, Oh______________, anak ng umaga!*
**Isaias 14:13, 14** *At sinabi mo sa iyong ______________, … ako'y magiging tulad ng ______________.*
**Ezekiel 28:17** *Ang iyong puso ay nagmataas dahil sa iyong ______________; iyong ipinahamak ang iyong karunungan dahil sa iyong ______________.*

PALIWANAG: Si Lucifer ang pinakamakapangyarihan at pinakamaganda sa mga nilalang ng Dios. Siya ang pinakamataas sa mga anghel at tagapanguna ng koro sa langit. Ngunit pinabayaan niya na ang kanyang kagandahan ay punuin siya ng pagmamataas. (Tingnan ang Karagdagang "Si Satanas ay Kinakatawanan ng mga Hari ng Tiro at Babilonya.")

## 2. Ginawa ba ng Dios ang Diablo nang lalangin niya si Lucifer?

**Ezekiel 28:15** *Ikaw ay ______________ sa iyong mga lakad mula sa araw na ikaw ay lalangin, hanggang ang ______________ ay masumpungan sa iyo.*



PALIWANAG: Ang Dios ay lumikha ng isang sakdal na anghel, na sa kanyang sariling kalooban, ay pinili na maging Diablo. Mahirap isipin, ngunit kung kilala natin si Lucifer bago siya bumagsak, lubos natin siyang mamahalin. Hindi natin alam kung gaano katagal, ngunit si Lucifer ay maaring masayang nakapaglingkod sa Dios ng napakahabang panahon bago siya nagisip ng pagmamataas at magkaroon ng masama ang kanyang puso. Maaari sanang ginawa ng Panginoon na tulad ng mga "robot" ang Kanyang mga nilikha, ngunit ang isang "robot" ay hindi maaring umibig. Ang tunay na pagibig ay kusang-loob na humaharap sa mga panganib. Ito ang dahilan kung bakit ang mga magulang ay nagpapasyang magkaroon ng mga anak, na nalalamang sa hinaharap, maaaring piliin ng mga ito ang sumuway. Binayaan ng Dios na isakatuparan ni Lucifer ang kanyang paghihimagsik sa ilang mga kadahilanan. Una, upang mapasyahan ang anumang alinlangan kung ang Dios nga ba ay nagkaloob sa Kanyang mga nilalang ng kalayaan ng pagpili. Ikalawa, kung pinuksa ng Dios si Lucifer nang magpasimula siyang maghasik ng alinlangan tungkol sa pagibig at pamahalaan ng Dios, sa isipan ng mga ibang matatalinong nilalang ay mananatili ang maraming mga katanungan. Maaari nilang isiping "Marahil, tama si Lucifer." Kaya pinabayaan si Lucifer na patunayan ang kahindikhindik na bunga ng kasalanan. Sa wakas, hindi nais ng Dios na Siya ay sundin ng Kanyang mga nilalang sa dahilang tatanggap sila ng parusa kung hindi sila susunod. Nais Niyang sila ay sumunod dahil sa simulain ng pagibig at hindi dahil sa takot.

## 3. Ano sa wakas ang nangyari?

**Apok. 12:7** *At nagkaroon ng ______________ sa ______________: Si Miguel at ang kanyang mga anghel ay nakipagbaka sa dragon; at ang ______________ at ang kanyang mga anghel ay nakpagbaka.*

PALIWANAG: Sa wakas, si Lucifer at ang mga anghel na pumanig sa kanya ay itinapon mula sa langit.

## 4. Anong mga makapangyarihang nilalang ang gumawa sa pangunguna ng Diablo?

**Apok. 12:4** *At kinaladkad ng kanyang buntot ang _____________ bahagi ng mga bituin sa langit, at ipinahagis sa lupa.*
**Apok. 12:9** *Siya'y inihagis sa lupa, at ang kanyang mga _____________ ay inihagis na kasama niya.*

PALIWANAG: Si Satanas ay napakatuso, na kaya niyang linlangin ang ikatlong bahagi ng mga anghel sa langit na sumunod sa kanyang paghihimagsik laban sa Dios. Ngayo'y tinatawag na mga "diablo" at mga "demonyo," ang mga bumagsak na mga anghel na ito ang siyang gumagawa ng mga panukala ni Satanas. Sa ating kasaysayan ni Absalom, ay mapapansin nating gumawa lamang siya ng maliit ng kanyang maruming panukala. Inutusan niya ang kanyang mga lingkod na siyang magsagawa ng kanyang mga nais. 2 Samuel 13:28 At iniutos ni Absalom sa kanyang mga lingod na sinasabi, Tandaan ninyo ngayon na pagka ang puso ni Amnon ay sumaya dahil sa alak, … patayin na ninyo siya, huwag kayong mangatakot: hindi ba ako ang nagutos sa inyo? 2 Samuel 14:30 Kaya't kanyang sinabi sa kanyang mga alipin: Tingnan ninyo ang bukid ni Joab ay malapit sa akin, … yumaon kayo at silaban ninyo.

## 5. Anong mga paraan ang ginagamit ni Satanas sa kanyang mga gawa?

A. **Apok. 12:9** *Si Satanas, na _____________ sa buong sanlibutan.*
B. **Markos 1:13** *At Siya ay nasa ilang apatnapung araw na _____________ni Satanas.*
C. **Apok. 16:14** *Sapagkat sila'y mga espiritu ng demonyo, na nagsi gawa ng mga _____________.*
D. **Apok. 12:10** *Sapagkat inihagis na ang _____________ sa ating mga kapatid na siyang sa kanila'y _____________ sa harap ng ating Dios araw at gabi*
E. **Juan 8:44** *Siya'y isang _____________ buhat pa nang una. … Sapagkat siya ay isang _____________, at ama nito.*

PALIWANAG: Sa isang dako, si Satanas ay may kalamangan sa Dios sa labanan ng mabuti at masama. Ang Dios ay gumagamit lamang ng katotohanan, ngunit si Satanas ay pinaghahalo ang katotohanan at kasinungalingan upang maisakatuparan ang kanyang mga panukala sa pinakamabuting paraan. (Tingnan ang Karagdaganng "Asahan ang Hindi Inaasahan").



## 6. Kailan pinakamapangib ang Diablo?

**2 Korinto 11:14, 15** *At hindi katakataka; sapagkat si Satanas man ay nakapagkukunwaring isang _____________ ng _____________.*

PALIWANAG: Tulad ng ginawa ng Diablo, si Absalom ay nagkunwaring minamahal ang mga tao at nagpakita ng pagmamalasakit sa kanilang kapakanan upang dayain sila. 2 Samuel 15:5, 6 . At nangyari na pagka ang sinoman ay lumalapit upang magbigay galang sa kanya, na kanyang iniuunat ang kanyang kamay at hinahawakan siya at hinahalikan siya. At ganitong paraan ang ginagawa ni Absalom sa buong Israel na naparoroon sa pagpapahatol. Sa gayo'y ginanyak ni Absalom ang mga kalooban ng mga tao sa Israel. Si Satanas ay pinakamapanganib kung siya ay nagkukunwaring isang espirituwal na nilalang na gumagawa sa loob ng iglesya. (Tingnan ang Karagdagang "Isang Maliwanag na Anghel.")

## 7. Alam ba ni Satanas ang Biblia?

**Mateo 4:5, 6** *At sa Kanya'y sinabi, Kung ikaw ang anak ng Dios, ay magpatihulog ka: sapagkat _____________, Siya'y magbibilin sa Kanyang mga anghel tungkol sa Iyo.*

PALIWANAG: Ang diablo ay bihasa sa mapandayang pagsipi ng mga Kasulatan upang dayain ang mga tao. Kaya mahalaga sa bayan ng Dios na malaman sa kanilang sarili ang mga Kasulatan upang huwag silang masinsay.

### 8. Sino sa lupa ang lubhang kinamumuhian ng Diablo?

**Apok. 12:17** *At ang dragon ay nagalit sa ______________, at umalis upang bumaka sa ______________ ng kanyang binhi, na siyang nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at may patotoo ni Jesus.*

### 9. Anong dalawang nakamamatay na hayop ang ginamit ng Biblia upang ilawaran si Satanas?

**I Pedro 5:8** *Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat, sapagkat ang inyong kalabang diablo, gaya ng ______________ umuungal ay gumagala na humahanap ng masisila niya.*
**Apok.12:9** *At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ______________ na tinatawag na Diablo at Satanas.*

PALIWANAG: Ang mga leon at mga ahas ay kapwa gumagamit ng palihim at mga mapanlinlang na paraan upang mabihag ang kanilang biktima. Tulad ng diablo, biglaan nilang nabibihag ang kanilang biktima at malupit at walang awa sa kanilang pagdurusa.

### 10. Ano lamang ang tanging paraan na malalabanan natin si Satanas?

**Santiago 4:7, 8** ______________ *nga kayo sa Dios; datapwat magsisalansang kayo sa diablo, at tatakas siya sa iyo.* ______________ *kayo sa Dios, at Siya'y lalapit sa inyo.*

PALIWANAG: Ang pinakamabuting mga paraan ng paglapit sa Dios ay panalangin at paghanap upang makilala Siya sa pamamagitan ng Kanyang Salita.



### 11. Paanong nilabanan ni Jesus ang mga pagsalakay ng Diablo?

**Mateo 4:10** *At nang magkagayon ay sinabi sa kanya ni Jesus, Humayo ka Satanas: sapagkat ______________ ______________ ______________.*

**Efeso 6:17** *Ang tabak ng Espiritu, na siyang ______________ ng ______________.*

**Hebreo 4:12** *Sapagkat ang ______________ ng Dios ay buhay at mabisa, at matalas kaysa alinmang tabak na may dalawang talim.*

PALIWANAG: Ang tanging kaligtasan natin mula sa mapanlinlang na pandaraya ni Satanas ay ang pagtitipon ng Salita ng Dios sa ating isipan upang malayo tayo sa kasalanan. Ang mga kasangkapan ding ginamit ng Panginoon sa paglaban Niya sa diablo ang kailangan at nakalaan sa atin ngayon. Awit 119:11 Ang salita Mo'y aking iniingatan sa aking puso, Upang huwag akong magkasala laban sa Iyo. Efeso 6:11 Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo.

### 12. Papaanong magkakatulad sa wakas ang kapalaran ni Satanas at ni Absalom ?

**2 Samuel 18:17** *At kanilang kinuha si Absalom at inihagis nila siya malaking ______________ sa gubat.*

**Isaias 14:15** *Gayon ma'y mabababa ka sa Sheol, sa kaduluduluhang bahagi ng ______________.*

**13. Si Satanas ba ay muli pang magpapakita upang dayain ang bayan ng Dios?**

Ezekiel 28:19 *Ikaw ay ______________ na ______________ pa.*
Nahum 1:9 *Ang pagdadalamhati ay hindi na ______________ sa ______________.*

**14. Ano ang damdamin ng Dios tungkol sa pagkawasak ng masama?**

Ezekiel 33:11 *Sabihin mo sa kanila, Buhay Ako, sabi ng Panginoong Dios, wala akong ______________ sa kamatayan ng masama; kundi ang masama ay ______________ sa kanyang lakad at ______________: manumbalik kayo, manumbalik kayo mula sa inyong masasamang lakad; sapagkat kayo mangamamatay?*

**15. Papaanong tumugon si David nang kanyang malaman na ang kanyang naghimagsik na anak na si Absalom ay napatay?**

2 Samuel 18:33 *At ang hari ay ______________, at sumampa sa silid na nasa ibabaw ng pintuang bayan, at umiyak; at habang siya'y yumayaon, ganito ang sinasabi niya, Oh anak kong Absalom, anak ko, anak kong Absalom! Mano nawa'y ako ang ______________ ______________, Oh Absalom, anak ko, anak ko!*

# Ang Iyong Tugon



*Ang makabagbag-damdaming larawang ito ay nagpapakita kung ano ang nadarama ng ating Ama sa langit tungkol sa waglit Niyang mga anak. Hindi lamang Siya handang mamatay na kahalili natin, kundi ibinigay Niya ang pinakadakila Niyang kaloob, ang Kanyang Anak! Ang Dios ay hindi nasisiyahan na ang sinoman ay mapahamak. Mahigpit ang Kanyang pagnanais na ikaw ay maligtas. Ito ang dahilan kung bakit si Jesus ay namatay para sa iyo. Halos ang buong sanlibutan ay sumama ay Satanas sa kanyang paghihimagsik laban sa Ama sa langit.*
*Pipiliin mo ba ngayon na ibigin at paglingkuran Siya?*

*TUGON:______________.*

# Karagdagan

*Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.*

## Si Satanas ay Kinakatawanan ng mga Hari ng Tiro at Babilonya

Sa Isaias 14:4-15, ang Biblia ay ginamit ang hari ng Babilonya na simbolo ni Satanas, at sa Ezekiel 28:11-19, siya ay kinatawanan ng Hari ng Tiro. Sa pagkakataong ito, alam natin na ang paglalarawan ay sa higit pa roon sa mga hari sa lupa, sapagkat ang paglalarawan ng Dios sa nilalang ay hindi maiaakma sa sinomang taong may kamatayan. Pansinin kung paanong inilalarawan si Lucifer (ngayon ay Satanas) sa mga sumusunod na talata ng mga Kasulatan:

- bumagsak mula sa langit (Isaias 14:12)
- puspos ng karunungan at sakdal sa kagandahan (Ezek. 28:12)
- siya ay nasa Eden (talatang 13)
- lahat ng mahahalagang bato ay kanyang kasuutan (tal. 13)
- pinahirang kerubin na tumatakip (talatang 14)
- nasa banal na bundok ng Dios (talatang 14)
- sakdal sa kanyang mga lakad (talatang 15)

Sapagkat ang mga hari ng Babilonya at Tiro ay pinairal din ang gayong mga patakaran at dinanas din ang lubos na pagkaparam na tulad ng kaharian ni Satanas, ay ginamit sila ng Dios na katawanin si Satanas, na inaayunaman ng halos lahat ng kapangyarihan ng Biblia. Nagkataon na ang Biblia ay may tala ng mga iba pang reperensya tungkol kay Lucifer (Lukas 4:5, 6; 10:18; Juan 8:44; 2 Pedro 2:4; 1 Juan 3:8; Judas 6; Apok. 12:7-9), ngunit kung wala ang Ezekiel 28 at Isaias 14, ay wala tayo ng ganap na kasaysayan.

## Asahan ang Hindi Inaasahan

Maraming tao ang umaasa na si Satanas ay hayagang magpapakita na kaaway ng Dios sa huling panahon. Ngunit hindi ito gayon. Tunay na si Satanas ang pinakamahigpit na kaaway ng Dios, ngunit ang kanyang paraan ay magkunwaring matuwid (Mateo 24:24). Maaari siyang magpakita na isang maluwalhating anghel ng kaliwanagan (2 Korinto 11:13-15) at hahanapin niya ang pagsamba ng mga tao (Apokalipsis 13:12). Maliwanag sa mga Kasulatan na ang kanyang maka-Dios na anyo ay magiging lubos na kapanipaniwala na ang "buong sanlibutan" ay manggigilalas sa hayop (Apok. 13:3). Anong kapahamakan! Lubhang mabisa ang kanyang pagkukunwaring si Kristo, anupa't halos ang buong sanlibutan ay susunod sa kanya, na iniisip na sa lahat ng panahon ay sumusunod sila kay Jesus. Ikaw rin ba ay madadaya? Hindi! Kung susundin mo ang mga babala ng Biblia sa mga pagaaral na ito.



## Isang Anghel ng Kaliwanagan.

Si Satanas ay natutuwa na ilarawan siya ng tao na isang pangit, mapula, at may pakpak na tila paniki; na ang isang bahagi ay tao, at ang isang bahagi naman ay hayop, na may hati ang mga paa, at mahaba at matulis ang buntot. Ito'y malayo sa katotohanan. Ang mga kaisipang ito ay mula sa mitolohiyang Griego, mga kathang-isip na hindi masusumpungan sa mga kasulatan. Si Satanas ay nilalarawan ng Biblia na isang maliwanag at kaakitakit na anghel na may pambihirang kakayahan na makipagtalastasan. Lubha siyang marunong sa Kasulatan (Mateo 4:5, 6). Ang Diablo ay kaaway ng Dios na ang layunin ay siraang-puri ang Kanyang likas at sakupin ang Kanyang kaharian. Si Satanas ay namumuhi rin sa iyo at sa iyong mga mahal sa buhay at may mga panukala siya na wasakin ka. Ang mga pagaaral na ito ay tutulungan kang maunawaan ang kanyang mga panukala at matuto kang hadlangan ang mga ito. Ilagay mo lamang ang iyong buhay sa may pananggalang na kalinga ng iyong makapangyarihang Tagapagligtas at maalab na manalangin para sa Kanyang patnubay.